UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
AUG 25 1976


# THE REPUBLIC

**Isang bansa, Isang diwa**

Vol. I, No. 15 | FOR GOVERNMENT MANAGERS | 1-15 August 1976




*Mga puno: silong sa init, gamot sa maysakit, ligaya sa paningin.*

# Wika: tulay ng pagkakaisa

ISANG BANSA, ISANG DIWA . . . larawan ng matatag na pamayanan na ang kultura at kaisipan ay ipinahahayag ng isang pambansang wika.

Watak-watak ang mga islang bumubuo sa bansa; gayunman, ang mga mamamayan ay binubuklod ng iisang damdamin, na sila ay mga PILIPINO. Ang mga pagkakaibang kultural ng bawat etnikong grupo ay hindi naging sagwil upang tumubo at yumabong sa kanilang diwa na sila ay haligi at suhay ng isang lahi. Ang pagkakaiba ng kanilang mga pag-uugali at paniniwala ay naging mabisang sangkap sa pagiging makulay ng sinisimpang bansa. At ang lahat ng ito ay isinasakatuparan ng komunikasyon at pakikipag-unawaan sa pamamagitan ng wika.

Sa pagbabagong-tindig ng ating bansa, mahalaga ang pagkakaisa ng sambayanan upang maisakatuparan ang lahat ng adhikain tungo sa kaunlaran. At makakamit lamang ang ganap na pagkakaisa kung mararating ng mga namumuno ang pinakamaliit na mamamayan ng bansa. Sa paglapit sa kanila, hindi maiiwasang maging suliranin ang wikang gagamitin sapagkat may mahigit na 700 ang diyalekto na ginagamit sa iba't ibang rehiyon ng bansa. Kakailanganin ang isang wikang magagamit mula Batanes hanggang Jolo na panunulayan ng mga kaisipang nais iparating sa mamamayan.

Ang suliraning pangwikang ito ay malaon nang binibigyan ng kalutasan ng mga kinauukulan. Mula sa panunungkulan ni Presidente Manuel Quezon ay nagkaroon na tayo ng pambansang wika, na noong 1953 ay pinangalanang Pilipino. Subalit ang naturang pambansang wika ay batay lamang sa Tagalog, kaya sumilang ang mga pagtutol mula sa mga rehiyong di-Tagalog. Ang umusbong na suliranin ay nilutas naman ng katatapos na Kumbensiyong Konstitusyunal nang itakda nito na ang magiging pambansang wika ng Pilipinas ay ang FILIPINO na mababatay sa iba't ibang wika at diyalekto ng bansa. At, sa kasalukuyan, ang pamahalaan at ang pribadong sektor ay nagpupunyaging mapaunlad ang wikang ito upang maging mabisang kawil ng unawaan ng lahat ng rehiyong lingguwistiko.

MARAPAT lamang isaalang-alang na ang wika ay pambalana. Ito ay hindi dapat maukol sa iilang mga tao o pangkat lamang. Ang wika ay nangangailangan ng makakaugnay na kahulugan upang magkaiba man sa pagbigkas ay hindi naman magkaroon ng kaibang kahulugan sa ibang makaririnig. Kung magkaroon man ng pagbabago sa baybay ay mauugat pa rin ang iisang diwa ng salita.

Sa ganitong aspeto inaasahang magiging mabisa ang Pilipino, o Filipino, bilang wikang pambansa sapagkat ito ay bubuuin mula sa establisado nang talasalitaan ng Cebuano, Kapampangan, Subanon, Ivatan at iba pang mga diyalekto. Ang ganitong hakbang ay bunsod ng katotohanang ang pambansang wika ay mapauunlad lamang kung ito ay bibigyan ng mayamang bokabularyo na makatutugon sa pangangailangan ng makabagong daigdig—ng siyensiya, komersiyo, teknolohiya at pakikitungong panlipunan. Ito ay magiging instrumento sa pagpapalawak ng pampamahalaang pakikilahok sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan. Sa gayon, ang Filipino ay hindi magiging banyaga sa alin mang rehiyon sapagkat bawat isa sa mga ito ay may kani-kaniyang kontribusyon sa pinalawak na bokabularyo. Gayundin, walang rehiyong magiging dominante sa pag-angkin ng batayan dahil hindi sa isa, kundi sa lahat ng namamayaning wika at wikain, ito mababatay.

Bukod dito, ang Filipino ay bukas sa mga pagbabago. Kung ang wikang ito ay mabahiran ng pagkabanyaga, hindi ito nangangahulugan ng kabiguan bagkus ay ng pananagumpay. Nagtagumpay tayo sapagkat umunlad ang ating kalinangan at nagtagumpay din ang mga banyaga sa pagtupad ng layunin ng wika—ang makipag-ugnay.

Dahil dito, ang naturang wika ay magiging makamasa. Ang masa ang bumubuo ng malaking bahagi ng ating lipunan kaya sila ang may higit na karapatan upang magsatinig ng damdamin ng bayan. Sila ang higit na nakauunawa at nakadarama ng tunay na kalagayan ng lipunan. Sa gayon, ang wika mula sa kanila ay magiging mabisa sapagkat iyon ay bahagi na ng kanilang buhay. Kung ang wika ay magmumula sa nangakapag-aral ng mataas na antas tulad ng mga pantas at dalubhasa, kakailanganin pa ang mahabang panahon ng pagsasanay na aagawin naman sa panahong ginugugol nila sa paghahanap ng ikabubuhay. □

## Inside track




p. 3


p. 6


p. 8


p. 11


p. 13


p. 14